

## Mga pagpoproseso na kaugnay sa pag-aabiso hinggil sa lugar ng tirahan ng dayuhang residente at paninirahan

Dahil sa pagpapawalang-bisa ng Sistema sa Pagpaparehistro ng mga Dayuhan simula Hulyo 9, 2012, iiisyu ang Kard ng Residente (Resident Card) o Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente (Special Permanent Resident Certificate) sa halip na Sertipiko sa Rehistrasyon bilang Dayuhan (Alien Registration Certificate). Bukod dito, dahil nirebisa ang Batas ng Pamantayang Rehistro ng mga Residente (Residential Basic Book Act), lilikhain din ang Sertipiko ng Pagkaresidente (Certificate of Residence) para sa mga residenteng dayuhan (mga dayuhang tumutugon sa mga inaatas na kondisyon sa pagiging panggitna hanggang pangmatagalang residente at permanenteng residente).

### ●Pag-aabiso hinggil sa (pagbabago ng) lugar ng tirahan [Pagpoproseso sa Tanggapan ng Lungsod (City Hall)]

Uri ng Aplikasyon	Panahon ng Aplikasyon	Mga Kinakailangang Bagay para sa Aplikasyon	Taong Mag-aapply
Sa panahong kararating pa lang sa bansang Hapon	Sa loob ng 14 na araw nang magkaroon ng lugar ng tirahan	Kard ng Residente (Resident Card) na inisyu sa airport kung saan pumasok sa bansang Hapon (pasaporte kung iiisyu ang Kard ng Residente sa darating pang petsa)	Ang tao mismo o kamag-anak na nakatira sa parehong tirahan
Sa panahong nagbago ng lugar ng tirahan (Paglipat • Pagbago ng tirahan)	Sa loob ng 14 na araw nang lumipat sa bagong tirahan	Pareho ito sa pagpoproseso ng mga Hapon. Ang Kard ng Residente (Resident Card) ay kinakailangan (Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente (Special Permanent Resident Certificate) para sa mga Espesyal na Permanenteng Residente).	

\* Kahit na lilipat pa sa lugar na labas ng Lungsod ng Ueda, bigyang-abiso pa rin sa tanggapan ng lungsod bago lumipat (14 na araw bago ang araw ng paglipat).

### ●Aplikasyon at Abiso para sa Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente (Special Permanent Resident Certificate), atbp. [Mga Espesyal na Permanenteng Residente: Magproseso sa Tanggapan ng Lungsod (City Hall)]

Uri ng Aplikasyon	Panahon ng Aplikasyon	Mga Kinakailangang Bagay para sa Aplikasyon
Aplikasyon ng Pagpapalit mula sa Itinuturing na Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente o Deemed Special Permanent Resident Certificate (na Sertipiko sa Rehistrasyon bilang Dayuhan o Alien Registration Certificate) noon)	Sa loob ng panahong may-bisa ang Itinuturing na Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente o Deemed Special Permanent Resident Certificate (na Sertipiko sa Rehistrasyon bilang Dayuhan o Alien Registration Certificate) noon) *Ang panahong may-bisa ay ayon sa talahanayan sa ibaba	Pasaporte, 1 litrato (Hindi kinakailangan para sa mga taong wala pang 16 na taong gulang, Sukat: 4.0 cm patayo, 3.0 cm pahalang), Itinuturing na Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente o Deemed Special Permanent Resident Certificate
Aplikasyon sa pag-renew ng panahon ng pagkakaroon ng bisa ng Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente (Special Permanent Resident Certificate)	Sa pagitan ng 2 buwan bago ang petsa ng pagkawalang-bisa hanggang sa petsa ng pagkawalang-bisa (Sa mga taong wala pang 16 na taong gulang, mula 6 na buwan bago ang 16 na taong gulang na kaarawan)	Pasaporte, 1 litrato, Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente o Special Permanent Resident Certificate

Aplikasyon para muling mabigyan ng sertipiko kapag nawala, ninakaw o nasira ito	Sa loob ng 14 na araw nang malaman ang nangyari (kung nawala o ninakaw)	Pasaporte, 1 litrato (Hindi kinakailangan para sa mga taong wala pang 16 na taong gulang), Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente o Special Permanent Resident Certificate (Kung nawala o ninakaw, Sertipiko sa Pag-ulat ng Pagkawala (Report of Loss Certificate) o Sertipiko ng Pag-ulat na Ninakaw (Theft Report Certificate) na inisyu ng istasyon ng pulis)
Abiso para sa mga pagbabagong maliban sa paglipat ng tirahan (pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad, rehiyon)	Sa loob ng 14 na araw ng petsa nang magkaroon ng pagbabago	Pasaporte, 1 litrato (Hindi kinakailangan para sa mga taong wala pang 16 na taong gulang), Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente o Special Permanent Resident Certificate, Documento na nagpapatunay na nagkaroon ng pagbabago

**\* Panahong May-bisa ang Itinuturing na Sertipiko ng Espesyal na Permanenteng Residente (Deemed Special Permanent Resident Certificate)**

Wala pang 16 na taong gulang		16 na taong gulang na kaarawan
16 na taong gulang o higit pa	Mga taong ang pagsulat sa rekord (Panahon ng Aplikasyon para sa Susunod na Kumpirmasyon (Pagpalit)) ay bago ang Hulyo 9, 2015	Hulyo 8, 2015
	Mga taong ang pagsulat sa rekord ay (Panahon ng Aplikasyon para sa Susunod na Kumpirmasyon (Pagpalit)) magmula Hulyo 9, 2015	Petsa nang isinulat sa rekord

**●Aplikasyon at Abiso para sa Kard ng Residente (Resident Card), atbp. [Para sa mga taong hindi Espesyal na Permanenteng Residente (Special Permanent Resident): Magproseso sa Rehiyonal na Kawanihan sa Imigrasyon (Regional Immigration Bureau)]**

Ayon sa tuntunin, ang pagproseso ng aplikasyon at abiso para sa Kard ng Residente (Resident Card), atbp. ay pareho sa pagproseso para sa Espesyal na Permanenteng Residente (Special Permanent Resident). Ang mga pagpoprosesong ito at aplikasyon para sa pag-renew ng Panahon ng Paninirahan (Period of Stay), Pagbabago ng Katayuan ng Paninirahan (Status of Residence), atbp. ay lahat gagawin sa tanggapan ng Rehiyonal na Kawanihan sa Imigrasyon (Regional Immigration Bureau). Dagdag pa rito, ang mga umiiral na Sertipiko sa Rehistrasyon bilang Dayuhan o Alien Registration Certificate) ay magpapatuloy na may-bisa bilang "Itinuturing na Kard ng Residente (Deemed Resident Card) hanggang sa susunod na panahon.

**Panahong May-bisa ang Itinuturing na Kard ng Residente (Deemed Resident Card)**

Mga Permanenteng Residente	16 na taong gulang o higit pa	Hanggang Hulyo 8, 2015
	Wala pang 16 na taong gulang	Hulyo 8, 2015 o 16 na taong gulang na kaarawan, kung alinman ang mas maaga
Mga Taong Hindi Permanenteng Residente	16 na taong gulang o higit pa	Petsa ng pagkawalang-bisa ng Panahon ng Paninirahan
	Wala pang 16 na taong gulang	Petsa ng pagkawalang-bisa ng Panahon ng Paninirahan o 16 na taong gulang na kaarawan, kung alinman ang mas maaga

## Para sa mga katanungan

Para sa mga pagpoproseso sa Tanggapan ng Lungsod (City Hall)...

Seksiyon ng Serbisyo para sa mga Dayuhan ng Dibisyon para sa Kapakanan ng mga Mamamayan (Citizens' Affairs Division) ng Tanggapan ng Lungsod 23-5334

Dibisyon para sa Kapakanan ng mga Mamamayan (Citizens Affairs Division), Rehiyonal na May Awtonomiyang Sentro ng Maruko (Maruko Regional Autonomy Center) 42-1052

Dibisyon para sa Kapakanan at Pagbubuwis ng mga Mamamayan (Citizens Affairs & Taxation Division), Rehiyonal na May Awtonomiyang Sentro ng Sanada (Sanada Regional Autonomy Center) 72-0154

Dibisyon para sa Kapakanan at Pagbubuwis ng mga Mamamayan (Citizens Affairs & Taxation Division), Rehiyonal na May Awtonomiyang Sentro ng Takeshi (Takeshi Regional Autonomy Center) 85-2827

Para sa mga pagpoproseso sa Rehiyonal na Kawanihan sa Imigrasyon (Regional Immigration Bureau)...

Sangay na Tanggapan ng Nagano, Rehiyonal na Kawanihan sa Imigrasyon ng Tokyo (Tokyo Regional Immigration Bureau)  
026-232-3317

★Hindi maaaring gawin ang mga pagpoproseso sa itaas sa Rehiyonal na May Awtonomiyang Sentro (Regional Autonomy Center) ng Hohden, Shioda, at Kawanishi.